13 DEC 2009

# Preperensya ng mga Guro at Mag-aaral sa Paraan ng Ispeling ng mgaTerminolohyang Teknikal sa Kursong Batsilyer ng Sining ng Komunikasyon ng mga Pangunahing Pamantasan sa Cavite

Isang Tesis na Iniharap sa Kaguruan

ng Paaralang Gradwado ng Edukasyon,

Sining at Agham

Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

Dasmariñas, Cavite

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa mga Pangangailangan

Upang Makamit ang Titulong

Master ng Sining

Dalubhasa sa Filipino

NATHANIEL SEMBRANO GOLLA

Tag-init 2000

**ABSTRAK**

PANGALAN NG INSTITUSYON: De La SalleUniversity-Dasmariñas

PAMAGAT: Preperensya ng mga Guro at Mag-aaral sa Paraan ng Ispeling ng mga Terminolohyang Teknikal sa Kursong Batsilyer ng Sining ng Komunikasyon ng mga Pangunahing Pamantasan sa Cavite

TAONG-ARALAN: 1999-2000

AWTOR: Nathaniel Sembrano Golla

LAYUNIN NG PAG-AARAL:

1. Tukuyin ang preperensya ng mga respondent sa paraan ng ispeling ayon sa kanilang katayuan bilang guro at mag-aaral.
2. Alamin ang preperensya ng mga respondent sa paraan ng ispeling bilang isang grupo.
3. Tuklasin kung mayroon bang mahalagang ugnayan ang preperensya ng mga guro sa preperensya ng mga mag-aaral sa paraan ng ispeling.
4. Makabuo ng pamantayan sa paraan ng ispeling ng mga terminolohyang teknikal sa kursong Batsilyer ng Sining ng Komunikasyon.

SAKLAW NG PAG-AARAL:

Ang pag-aaral na ito ay naka-pokus sa pagtukoy sa preperensya ng mga respondent sa paraan ng ispeling bilang isang grupo at ayon sa kanilang katayuan bilang mga guro at mag-aaral ng Batsilyer ng Sining ng Komunikasyon ng tatlong pangunahing pamantasan sa Cavite.

KONGLUSYON

1. Mga paraan ng ispeling ay ang mga sumusunod: (1) panghihiram sa Ingles sa mga sumusunod na pamamaraan: (a) panghihiram na walang pagbabago sa ispeling, may kodang E-1 (b) panghihiram na may pagbabago sa ispeling, may kodang E-2; (2) panghihiram sa Espanyol ayon sa mga sumusunod na paraan: (a) panghihiram na walang pagbabago sa ispeling, may kodang S-1 (b) panghihiram na may pagbabago ang ispeling, may kodang S-2; (3) hango sa wikang Tagalog, may kodang AT.

2. (a) Ang preperensya ng mga guro sa paraan ng ispeling ay hango sa Tagalog na may kodang AT. Malapit itong sinusundan ng hango sa Kastila na may pagbabago ang ispeling na may kodang S-2 at pangatlo naman ang E-1 na hango sa Ingles na walang pagbabago sa ispeling. (b) Ganito rin ang resulta ng preperensya ng mga mag-aaral sa paraan ng ispeling sa pag-aaral na ito.

3. Ang preperensya ng mga respondent sa paraan ng ispeling bilang isang grupo ay hango sa Tagalog na may kodang AT. Pangalawa ang hango sa Kastila na may pagbabago ang ispeling na may kodang S-2 at pangatlo naman ang E-1 na hango sa Ingles na walang pagbabago sa ispeling.

4. Ang preperensya ng mga guro at mag-aaral sa paraan ng ispeling ay may mahalagang ugnayan. Ito ay nangangahulugan na hindi hadlang ang katayuan ng mga respondent sa kanilang preperensya sa paraan ng ispeling.

5. Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga pagsusulat at pagsasaling-wika sa Filipino sa larangan ng Batsilyer ng Sining ng Komunikasyon sa mga gumagamit nito sa Cavite ay dapat hango sa Tagalog na may kodang AT. Sa pagkakataong walang katumbas ito

sa Tagalog, ito ay dapat ihanap ng katumbas sa Kastila na ang ispeling ay binagay sa Alpabetong Filipino na may kodang S-2. At kung wala pa rin, maaaring gamitin ang Ingles na walang pagbabago sa ispeling na may kodang E-1.

REKOMENDASYON:

1. Makasulat at makapagsaling-wika ng mga akda na ginagamit sa kursong Batsilyer ng Sining ng Komunikasyon batay sa napatunayan ng pag-aaral na ito.

2. Sa Komisyon ng Wikang Filipino at mga pamantasan, sumulat ng diksyunaryong Filipino ng mga terminolohyang teknikal sa nasabing kurso.

3. Subukin ng mga guro at tagapamahala ng pamantasang sangkot sa pag-aaral na ito ang nabuong pamantayan sa pagtuturo at pag-aaral sa kursong Batsilyer ng Sining ng Komunikasyon sa lalawigan ng Cavite.

4. Maggawa o Marebisa ng mga patakarang pang-wika ukol sa ispeling ng mga terminolohyang teknikal partikular sa nabanggit na kurso.

5. Makagawa ng mga katulad na pag-aaral sa iba't ibang disiplina, ito man ay sa larangan ng sining o agham.

## TALAAAN NG MGA NILALAMAN


| NILALAMAN | PAHINA |
|---|---|
| PAMAGAT NG PAHINA | 1 |
| ABSTRAK | 2 |
| DAHON NG PAGSANG-AYON | 5 |
| PASASALAMAT | 6 |
| TALAAN NG MGA NILALAMAN | 9 |
| KABANATA | |
| 1 KALIGIRAN NG PAG-AARAL | |
| Panimula | 12 |
| Batayang Konseptuwal | 18 |
| Paglalahad ng Suliranin | 19 |
| Layunin ng Pag-aaral | 20 |
| Haypotesis | 21 |
| Saklaw at Hangganan ng Pag-aaral | 21 |
| Kahalagahan ng Pag-aaral | 22 |
| Kahulugan ng Katawagan | 24 |
| 2 MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL | |
| Kaugnay na Literatura | 24 |
| Kaugnay na Pag-aaral | 35 |
| 3 METODOLOHIYA | |
| Disenyong Pananaliksik | 38 |


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Respondent 39

Instrumento 39

Pamamaraan ng Pangangalap ng mga Datos 41

Istatistikong Paglalapat ng Datos 42

4 PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Suliranin Blg. 1 43

Suliranin Blg. 2 45

Suliranin Blg. 3 48

Suliranin Blg. 4 49

Suliranin Blg. 5 53

5 BUOD, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Buod 54

Kongklusyon 57

Rekomendasyon 60

TALASANGGUNIAN 61

APENDIKS

A Liham ng Kahilingan 64

B Liham para sa Content Validation 65

C Liham para sa Face Validation 66

D Instrumento 67

E Buod ng Preperensya ng mga Respondent sa paraan ng Ispeling 78

F Curriculum Vitae 81

Aklatang Emilio Aguinaldo - Information Resource Center
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

**TALAAN NG MGA TALAHANAYAN**


| TALAHANAYAN | | PAHINA |
|---|---|---|
| 1 | Bilang ng mga Respondent | 39 |
| 2 | Paraan ng Ispeling | 45 |
| 3 | Preperensya ng mga Guro sa Ispeling | 46 |
| 4 | Preperensya ng mga Mag-aaral sa Ispeling | 48 |
| 5 | Preperensya ng mga Guro at Mag-aaral sa Ispeling Bilang Isang Grupo | 49 |
| 6 | Bilang ng mga Sagot ng mga Respondent | 52 |
| 7 | Chi-Square Test of Independence | 52 |


Aklatang Emilio Aguinaldo - Information Resource Center
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines